Office of Women's Health

# Pap Test-Pap Tests

**Ano ang Pap test?**

Ang Pap test o Pap smear ay sumusuri ng pagbabago sa mga selula ng cervix. Ang cervix ay ang ibabang bahagi ng bahay-bata, na bumubuka sa bayna. Sa test makikita ang mga selulang kanser, o mga selula na maaaring maging kanser.

**Kailan dapat umpisahan ng mga babae ang pagkuha ng Pap test?**

Lahat  ng mga babae ay dapat mag-umpisang kumuha ng Pap test tatlong taon pagkatapos ng unang pakikipagtalik. Lahat ng mga babae ay dapat kumuha ng Pap test kapag sila ay 21 taong gulang na.

**Paano ginagawa ang Pap test?**

- Ang doktor o nars ay nagpapasok ng espekulum sa bayna upang makita ang cervix.
- Ang doktor o nars ay kukuha ng sample ng mga selula mula sa loob at labas ng cervix.

**Paano dapat maghanda para sa Pap test:**

Mga 2 araw bago ang Pap test, HUWAG:

- Makipagtalik
- Magdutsa
- Gumamit ng tampon
- Gumamit ng birth control na nilalagay sa loob ng bayna, gaya ng bula, krema, o diyeli
- Gumamit ng anumang gamot na nilalagay sa bayna
- Gumamit ng pampadulas ng bayna
- Gumamit ng pambabaeng deodorant spray o pulbo
- Lumangoy
- Maligo sa banyera

Huwag magpakuha ng Pap test kung ikaw ay mayroong mentruasyon. Magiging mahirap ang paghanap ng mga selulang di-pangkaraniwan. Tumawag at baguhin ang iyong kompromiso.

**Gaano kadalas dapat magpakuha ang mga babae ng Pap test?**

Ang isang babae ay dapat sumangguni sa kanyang doktor o nars upang mapagpasiyahan kung gaano kadalas ang pagpapakuha ng Pap test. Kung gaano kadalas dapat magpakuha ng Pap test ay batay sa maraming bagay, kabilang ang:

- Kanyang edad
- Resulta ng nakaraang pap test
- Medikal na kasaysayan
- Pagkakaroon ng human papillomavirus (HPV)
- Paninigarilyo



OVER

# Pap Test-Pap Tests

**Kailan dapat tumigil ang mga babae sa pagpapakuha ng Pap test?**

Ang mga babae ay maaaring tumigil sa pagpapakuha ng Pap test kapag 70 taong gulang na at ang resulta ng lahat ng Pap test noong nakaraang 10 taon ay normal. Ang lahat ng mga babae na higit sa 70 ay dapat pa ring magpaiksamen ng pelvic taun-taon.

**Paano naman ang mga babaeng nagpa-hysterectomy?**

- Ang mga babaeng nagpa-parsiyal hysterectomy ay kailangan pa ring kumuha ng Pap test. Ang siruhiyang ito ay tinatanggal ang bahay-bata (uterus) subalit HINDI ang cervix.
- ng mga babaeng nagpabuong hysterectomy ay maaari nang huminto sa pagpapakuha ng Pap test. Ang siruhiyang ito ay tinatanggal ang bahay-bata at ang cervix.
- Kahit pa huminto na sa pagpapa-Pap smear, lahat ng babae ay dapat magpaiksamen ng pelvic taun-taon.

**FDA Tanggapan ng Kalusugan ng Kababaihan** http://www.fda.gov/womens

## Para sa Karagdagang Kaalaman:

**Administrasyon ng Pagkain at Droga (FDA)**
http://www.fda.gov/fdac/features/2004/104_cancer.html

**Pambansang Institutsyon ng Kanser (NCI)**
Serbikal Kanser Home Page
http://www.cancer.gov/cancerinfo/types/cervical
Telepono: 1-800-4-CANCER 1-(800-422-6237)
TTY/TDD: 1-800-332-8615